# ANG PAG-AKDA NG KATHA, PAGKATHA NG AKDA NI RICKY LEE

Rolando B. Tolentino

**ABSTRAK**

Isa si Ricky Lee na panandangbato sa katha at panitikang Filipino dahil ang kaniyang kabuuang mga kuwento at nobela ay may nadalang pagbabago sa direksyon ng mga ito. Pinagyaman ni Ricky ang mga nauna sa kaniyang mga kuwentista at nobelista, ang mga tradisyong dala nito, ginawang sarili niya at malinaw na may tatak Ricky Lee ang mga kuwentong nalikha niya. Nagsusumikip ang kuwento ni Ricky dahil sa litanya ng mabibigat na kaganapang dagdag sa pagdurusa sa mga tauhan. Minumundo ng kaniyang kuwento ang nagsusumikip at hindi makahiyaw na kwento at tinig ng mga nasa laylayan. Nagkakaroon ng espasyo ang kuwento at pag-eespasyo sa kuwento ng mga subalternong tauhan, ang kanilang mundo ng karanasan bilang ating mundo ng kahalintulad na pagdanas. Pero hindi emosyonal at mabigat ang hamig ng paglalarawan kundi gaan sa kabigatan at ang kakanyahan ng mga tauhan na masaksihan, lumahok, maging biktima sa kanilang pagkasadlak sa naratibo, maging pampanitikang ebidensya at alaala ng representasyonal na paghihirap sa bansa. Kahit pa ang kuwento ng mga tauhan ay kuwento ng mga mamamayan at pagkamamamayan, ang modalidad ay ang paghahanap ng timyas ng pag-asa at paglaya sa nagsusumikip na mundo sa katha at realidad.

Isa si Ricky Lee na panandangbato sa katha at panitikang Filipino dahil ang kaniyang kabuuang mga kuwento at nobela ay may nadalang pagbabago sa direksyon ng mga ito. Pinagyaman ni Ricky ang mga nauna sa kaniyang mga kuwentista at nobelista, ang mga tradisyong dala nito, ginawang sarili niya at malinaw na may tatak Ricky Lee ang mga kuwentong nalikha niya na may saliw rin sa kaniyang panlipunang posisyonalidad bilang battered child, Bikolanong imigrante sa Metro Manila, pumasok pero hindi nakatapos sa UP, nagsulat bilang peryodista at manunulat ng maiikling kuwento, nag-underground, inaresto, tinortyur at binugbog, tinutukan ng baril, hinampas ng libro at madalas pahiyain ng mga nagdetenido sa kaniya, dalawang beses na muntikang mamatay, nagtangkang patayin ang sarili, nagkamalalang mga sakit, napalaya, nagpelikula, nagtaguyod ng pinakamatagal at sustenidong workshop na sariling gastos, nagsulat at naglathala ng mga libro sa scriptwriting, ng mga kuwento, ng scripts ng pelikula, ng mga nobela, at iba pa. Kasama rin dito ang pagiging bakla, umibig, kaibigan ng kapwa Bikolanang Nora at ng marami pang tao, nagtrabaho sa nasarang ABS-CBN, patuloy na humahabi ng ilang henerasyon ng scriptwriters at filmmakers sa pamamagitan ng kaniyang scriptwriting workshop. At ito pa lamang ang publikong alam nating lahat, tiyak marami pang karanasan na pinaghuhugutan ang mga akda at sining ni Ricky. Ang pinanghahawakan ni Ricky ay ang hindi paglimot sa lahat ng pinagdanasan, at minina ang mga ito para sa kaniyang mayamang lupon ng mga akda at nagawa para sa panitikan, pelikula, entablado, kilusang mamamayan at iba pa.

Hindi mimetiko ang paghalaw ni Ricky sa kaniyang mga alaala dahil manaka-nakang pumapasok ang mga kuwento ng kanyang buhay sa kaniyang mga kuwento. Susing mulat man o hindi na sinasala at sinasalin niya ang kaniyang naging simulain at inunlad na buhay—kasama ng mga tinitindigang posisyon at paninindigan – sa mga kuwentong naisulat na at sa magiging kuwento pa lamang. Mahalaga ang yugto ng global na politikal na kamulatan

ng 1960s at 1970s na uukit sa kaniyang pananaw sa lipunan at mundo, at magiging pundasyon ng kaniyang pandaigdigang-pananaw sa panulat, sining at buhay. Ang global na anti-awtoritarianismong kilusan sa buong mundo ay tumindig para sa pambansang pagpapalaya at soberanya ng mamamayang kumilos para waksiin ang yugto ng kolonialismo at imperyalismo at tungo sa sosyalistang direksyon. Natatak din ang civil rights movement na nagbigay ng mga kapantayang trato at karapatan sa lahat ng etnisidad sa U.S., maging ang iba't ibang kilusang magbabaklas sa hegemoniya ng historikal na nasa kapangyarihan, kasama ang usaping pangkababaihan at peminismo, bakla, free love, mas naunang espirituwalidad kaysa Katolisismo, New Age, kilusang estudyanteng papanig sa kilusan ng batayang sektor, kilusang anti-imperyalista, at sa bansa, kilusan tungo sa Filipinisasyon ng ekonomiya, politika at kultura simula 1960s, ang pambansang demokratikong kilusan, at ang kilusang nasyonalismo.

Nagpatanghay sa agos ng pagbabagong dumaloy noong 1960s hanggang 1970s, pumanig sa masa at sambayanan, kumilos laban sa mga katiwalian at para sa pagbabago. Kumbaga, siya ay bahagi ng henerasyon ng martial law babies na inakalang sila ay mabubuhay at mamamatay na si Marcos lang ang makakagisnang pangulo o asawa o anak nito, at sa panahong nagkaroon sila ng politikal na kamalayan laban sa diktaduryang Marcos sa mismong panahon ng diktadurya. Kahit pa tapos na ang diktaduryang Marcos, sa patuloy ng tirano kay Duterte at bigtime politikal na comebacking Marcoses simula 2010s, madaling nagkaroon ng politikal na amnesia, nakalimot. Hindi namalayan na lumimot, hindi namalayang walang opisyal na pagtuldok sa Marcoses hindi tulad ng mga bansang pormal na nagbuo ng mga komiteng pang-imbestigasyon para hindi na maulit ang Nazismo, apartheid, at mga diktadurya, kaya nakapagpanumbalik. Mayroong malawakan at malalimang historikal na rebisyonismong naganap simula 2010s gayong ang simulain ay mas maaga pa, sa kawalan ng sistematikong inisyatiba at suporta

ng mga naunang administrasyon na ikulong, sistematikong imbestigahan ang legacy, bawiin ang lahat ng yamang dinambong, makulong, pagbawalan nang muling makatakbo sa eleksyon ang mga Marcos. Mas mahusay na naipaliwanag ni Bienvenido Lumbera ang mga dekada patungo sa 1970s na maaring angkatin para sa patuloy na kondisyon hanggang sa 2020s:

> Ang mga pangyayari na rin sa loob ng dekadang 1950 ay naging mitsa sa pagkamulat ng maraming mamamayan noong mga taong 1960. Patuloy na binulatlat ang kasa ng mga baseng militar ng E.U. [Estados Unidos] at ang isyu tungkol sa soberanya ng Pilipinas. Bukod pa rito, ang mga katiwalian sa pamahalaan, ang kawalang-katarungan sa relasyon ng malakas at mahina, ang mapagsamantalang pagtrato ng mga dayuhan sa mga Pilipino sa larangan ng politika at ekonomya—nagpapatong-patong ang mga kaso at mabilis na bumalikwas ang nasyonalismo.
>
> Nang ang Pilipinas ay ganyakin ng E.U. na makisangkot sa digmaan sa Biyetnam, malakas na ang oposisyon di gaya noong 1950 nang walang pag-aatubiling tumayo ang Pilipinas sa likod ng E.U. sa digmaan sa Korea. At ang mga kabataan sa mga unibersidad at kolehiyo na noong panahon ni Magsaysay ay naging tagapagtaguyod sa mga patakarang pro-Amerikano ng Pangulo, ay natutong magsuri sa kalagayan ng kanilang mga kababayan at ito ay mabilis na naiugnay nila sa relasyong neo-kolonyal ng E.U. at Pilipinas[....]
>
> Ang dekadang 1970 ay pinangunahan ng mga pagtatanong tungkol sa nakaraan ng Pilipinas upang hanapin ang mga ugat ng mga suliraning bumabagabag sa bansa.

Sa mga huling taon ng dekadang 1960, hinalukay ng mga intelektuwal at ng mga kabataan ang kahapon upang unawain ang sakit ng kasalukuyan. Isang makasaysayang okasyon ang naging tagapagbukas ng mga pangyayaring magbibigay sa dekada ng 1970 ng mga partikular na katangian nito. Ang Kombensiyong Konstitusyonal ay nakatakdang buuin upang bumalangkas ito ng bagong saligang-batas para sa mga Pilipino. Tila baga ang kombensiyong ito ay ang pagkakataon upang igiit ng mga karaniwang mamamayan ang kanilang karapatang maging bahagi sa pagpapasya hinggil sa kanilang kinabukasan at sa kinabukasan ng kanilang mga anak[....]

Ibinaba ni Presidente Marcos ang Proklamasyon 1081 noong 1972 at sinugpo ang mga kaguluhang sa palagay niya ay may panganib na humati sa bansa. Bunga ng pag-iral ng batas-militar, nagsimulang mag-iba ang direksyon ng pagsisikap sa larangan ng kulutra. Binigyan-diin ang pambansang kakanyahan ng mga Pilipino, at ito'y nangangailangan ng panibangong pagsusuri sa kasaysayan. Sa panibagong pagsusuring ito, hindi maiwawaksi ang mga aral na hango sa nasyonalismo ng dekada ni Recto at ng dekadang sumunod[....]

Sa pana-panahon ay nag-iiba ang anyo ng nasyonalismo sa paglitaw nito sa kasaysayan. Noong 1950, ito ay tinig sa larangan ng politika sa sumalungat sa malabis na pagkakulong ng administrasyong Magsaysay sa "pagbibigay" sa mga Amerikano, kaya't tinatakang "anti-Amerikanismo." Sa dekada ng 1960, ang nasyonalismo ay naka-anyo sa lumalawak na kilusang pangmasa na naggiit sa mga pagbabago sa lipunan. At bagama't nasa kalahatian

pa lamang tayo ng dekada ng 1970 [ang petsa ng pagkasulat at pagkalathala ng sanaysay], malinaw na ang landas na maghahati sa atin sa nakalipas, upang kilalanin ito nang lubos at palitawin ang mga sangkap ng kasaysayan na magagamit sa pagharap sa bukas.[1]

Mahalagang italaga na ang euphoria na binabanggit ni Lumbera hinggil sa Constitutional Convention noong 1971 ay dulot na rin ng euphoria hinggil sa napapanahong pagbabago na dala ng kilusang mamamayang nabuo bago rito. Ang kumbensyon ay suportado ni Marcos bilang paghahanap ng rekurso na manatili sa kapangyarihan lampas sa dalawang four-year term sa konstitusyon. Ang mapipiling rekurso, batas-militar, ay dineklara noong 1972 at inetsapuwera ang burador na saligang-batas na ginawa ng kumbensyon. Lahat ng organisasyon, lalo na ang organisasyong pangmasa, ay dineklarang bawal at ilegal pero ang kaibahan ng kilusang mamamayan na nabuo bago ang deklarasyon ay organisado ito, may programa, anti-imperyalista, at nasa interes ng masa ang diwa ng pagkilos. Hindi tulad ng pagbenta ng ganansya ng 1896 Rebolusyon sa Amerikano ng mga maykayang paksyon ng liderato ng Katipunan, o ng Hukbalahap sa panahon ng Hapon na nagmistulang proxy guerrilla unit ng U.S. at hindi nagsimula at nabago sa kilusang masa kahit pa natapos na ang World War II, nakahandang mag-andergrawn ang kilusang masa at ang mga kasapi nito, at nagkaroon ng pangunahing rebolusyonaryong larangan hanggang muling nagkaroon ng tapang ang mamamayan na igpawan ang ipinagbabawal na pagprotesta ng batas-militar. Nagwelga ang manggagawa ng La Tondeña noong Oktubre 1975 at maraming mga individual ang sumuporta sa welgang ito. Naghudyat

[1] Bienvenido Lumbera, "Paglingon sa Kahapon, Pagharap sa Bukas," Sagisag: Ang Magasin ng Pilipino (Maynila: Research & Analysis Center, Department of Public Information, Disyembre 1975), 4 at 57.

ang sama-samang pagkilos na muling magprotesta kahit pa batas-militar, kahit pa nakatindig na ang diktaduryang Marcos.

Kasama si Ricky sa pagkilos at sa kilusan noon at sa kasalukuyan. Patunay ang katawan, buhay, akda at sining ni Ricky na naganap ang batas-militar at diktaduryang Marcos, at kontra sa sagot na "oo" sa tanong na "Nakabuti ba ang martial law sa bansa?" sa hazing scene sa pelikulang *Batch 81* (Mike De Leon, direktor, 1982), ang patotoo na hindi nakabuti ang mga ito, at by extension, ang pag-comeback ng Marcoses, ang rebisyonismong historikal kaya paratihang maari—at nangyari na nga ulit—ang pag-igting ng pasismo at ang panunumbalik ng tiraniya. Bilang peti burgesyang manunulat, si Ricky ay nahamig para sa kilusang pagbabago, at lumikha at patuloy na lumilikha ng mga akdang may panlipunan at politikal na komentaryong mababasa ng kaniyang sub-gitnang uri sa pangunahin, at sa kaso ng kaniyang mga script sa pelikula, ng higit na nakararaming mamamayang manonood. Mataas ang turing sa peti burgesyang piniling maging intelektwal kahit pa nasa predikamento ng uring ito ang pagiging intelektwal, dahil sa aspirasyon at pagkilos tungo sa programado at impormal na pag-aaral, may simpatiya at kikilos para sa nakakahalubilong masa at sambayanan kahit pa may aspirasyong maging gitnang uri at higit pa, at may kapasidad—dahil sa kaniyang pinagsisikapang makamit na kultural at panlipunang kapital, kahit pa ang pagiging manunulat at artista ay, sa madalas kaysa madalang na pagkakataon, hindi kayang sustenahin ng kaniyang intelektwal na gawain ang mga kahilingan para sa pang-araw-araw na buhay. Masasabing madaling pagpabaling-baling ang tindig ng peti burgesya at gitnang uri dahil sa mas salat kaysa sapat ang kita para sa gastusin, madali siyang kumapit sa patalim gaya nang kasaysayan ng kooptasyon ng mga iskolar, manunulat at artista para pabanguhin ang diktaduryang Marcos. At dahil hindi lumimot si Ricky sa kaniyang politikal na kamulatan at pag-unlad, hindi nagbago ang kaniyang batayang politikal na tindig bilang manunulat at mamamayan. Sa

isang lumabas na meme sa social media noong 2021, kay Ricky ko unang narinig ang ugnayan ng human rights, pagkukuwento, at pagiging manunulat at artista, ""Lahat ng tao ay hindi buo. May kulang o tinanggal na kailangang mahanap upang mabuo muli. Kaya, lahat ng kuwento ng human rights violations."[2] Tunay, palaban at makabayan noon at lalo na ngayon sa gitna ng kahibangan, karahasan at kamangmangan ng tiranya ni Duterte, at malamang, lampas pa rito.

Pero gagap din ni Ricky ang kasaysayan ng panulat at panitikan bago siya pumalaot sa larangang ito. Bahagi siya ng henerasyong Sigwa ng huling bahagi ng 1960s at unang bahagi ng 1970s, ang historikal na yugto na masasabing mahalaga sa bansa, at sa partikular kay Ricky, sa pagkakaroon ng politikal na pagkagising at kamulatan, na naglayong magkaroon ng panlipunang komentaryo at mungkahi para sa pagbabago. Ang nagmarka ng kilusang pampanitikan na ito ay ang pagkalathala ng librong *Sigwa: Isang Antolohiya ng Maiikling Kuwento* (1972) at pinamatnugutan nina Milagros Carreon-Laurel, Lily Chua-O'Connor, Jesus Fer. Ramos, Romulo Sandoval at ni Ricky. Dulot ng politikal at kultural na inisyatiba ng kilusang mamamayan ng panahon, mulat na tumiwalag sa nakagawiang landas ng pagkatha ang mga manunulat at patnugot ng *Sigwa*. Halaw ang titulo sa First Quarter Storm (Sigwa ng Unang Kuwarto), ang makasaysayang tagumpay ng malawakang protesta, demonstrasyon at martsa ng kilusang masa mula Enero 26 hanggang Marso 17, 1970 na narealisa ng organisadong mamamayan ang kanilang kapangyarihang balikwasin si Marcos. "Sigwa" bilang puwersa ng pagbabago sa isang sistemang bulok at hindi nagsasaalang-alang ng interes ng mayoryang mamamayan, at kung gayon, ang katha at panitikan na itinataguyod ay panitikan ng nagtatanong, nagpapaliwanag, nakikilahok at pakikisangkot, ng naghahangad ng pagbabago, na may timyas

---

2 Ricky Lee sa Pelikulove, https://www.facebook.com/829250073833917/posts/4432480210177534/?d=n (inakses 9 Setyembre 2021).

ng pag-asang nawawala sa nauna sa kanilang henerasyon. Resulta rin ang diin sa makabayan at makamamamayang panitikan ng kultural na kilusan na pinalalakas ng mga panulat tulad ng grupong Sigwa, paggamit sa wikang Pilipio at iba pang rehiyonal na wika bilang mga lengguwahe ng pagmulat, pagmobilisa at pag-organisa ng mga hanay, pagtitipon at pagpalabas ng dokumentong "Rebolusyonaryong panunuring masa sa sining at panitika: mga dokumento ng 1971 ng Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA) at Nagkakaisang Progresibong Artista-Arkitekto (NPAA)," programang pagsasalin ng mga rebolusyonaryong akda ng Third World sa Pilipino, at produksyon ng sining at panitikan para sa masa gamit ang kolektibong pamamaraan.

Tasitong binalikwas ng Sigwa ang naunang kilusang pampanitikan, Ang *Mga Agos sa Disyerto* na ang panuntunan sa paglalabas ng kanilang antolohiya na may parehong titulo (Maynila: Solar Publishing, 1964) ay pagbalikwas din sa namamayaning kalakaran sa pagkatha, tulad ng mga lumalabas na popular na magasing *Liwayway* ay namutiktik sa romantisismo at idealismo. Sa mga kuwento sa antolohiya at iba pang publikasyon, maging sa mga nobela nina Efren R. Abueg, Dominador B. Mirasol, Rogelio L. Ordonez, Edgardo M. Reyes at Rogelio R. Sikat, hitik sa sariwang kaibahan (kaya nga ang gamit sa metapora ng agos sa disyerto) ang realismo—naturalista o panlipunan—na tumatalakay sa hindi mga paksa at kalakarang tinatalakay sa *Liwayway*: problema sa lupa, kaapihan ng mga mahihirap, kuwento ng maralitang tagalunsod, at iba pang daan taong batayang suliran ng historikal na inapi. May kamulatang panlipunan at politikal ang mga katha ng *Mga Agos Sa Disyerto* pero dahil wala pang kilusang mamamayan sa panahon ng kanilang pagsisimula maliban sa Partido Komunista ng Pilipinas, wala pang sapat na puwersa ng kolektibo ang marami sa kanilang katha. Dagdag pa, hapit sa hapis at pighati ang ethos na pumapaimbalot sa kaaba-abang lagay ng mga pinagdadaanan ng mga tauhan ng kanilang

katha. Madilim, pesimistiko, individualistiko at wala nang magaganap pa na mabuti sa tauhang napilitang isakamay ang paghahanap ng redempsyon sa kanilang predikamento. Madalas, sadsad na nga ang abang buhay ng tauhan, sadsad ang nangyari sa kaniya at ang depiksyon ng kasalukuyan, at lalo pang sasadsad sa pagwawakas ng kuwento. Ang limitasyon ng pampanitikang pagbabalikwas ng *Agos* ay nalangkapan ng *Sigwa* ng higit na puwersa sa napapanahon sa panahon ng mga paksa sa kuwento, pag-asa sa sama-samang pagkilos, mas matimyas ng pangangarap para sa pagbabago kahit marami rin sa kwento ng *Sigwa* ay madilim at pesimistiko rin tulad sa *Agos*.

Kailangang linawin din ang continuity at disjunct ng paghahanap ng idioma ng panlipunang panitikan. *Mga Agos sa Disyer*to na ayon sa rebyu ni Delfin L. Tolentino, Jr. noong 1975, "Ang mga akdang ito ang agos na pinapadaloy sa 'disyerto' upang ang pagas na lupa'y magmistulang bukirin na pag-aanihan ng maraming tagumpay na magpapalusog sa sariling panitikan sa Pilipino."[3] At sa pagsusuma niya, "Mahigit na isang dekada na ang nakararaan mula nang umpisahang landasin ng mga agos ang disyertong nabanggit, at ngayo'y isang luntiang tanawin ang larangang dating pinamumugaran lamang ng mga bungo, gapok at mga sanga ng kahoy, na nangangaligiran ng mga damo sa tabi ng isang nauuhaw na oasis," kahit pa

> Kung may pagkasimplistiko man ang larawang iginuhit ng mga kuwentista ng *Agos*, ito'y dahil kulang pa rin sa talim ang kanilang sundang. Higit pang pagsisiyasat sa mga puwersang umuugit sa katauhan ng mga tao, higit pang pag-arok sa kasalimuotan ng lipunang ginagalawan ng bawat nilalang ang nararapat gawin. Ito marahil ang makapagbibigay ng tamang direksiyon sa panulat upang ito'y maging matapat,

[3] Delfin L. Tolentino, Jr., "Saan Papunta ang mga Agos sa Disyerto?" Sagisag: Ang Magasin ng Pilipino (Maynila: Research & Analysis Center, Department of Public Information, Nobyembre 1975), 56.

makatotohanan, at higit sa lahat, nagbabadya ng uri ng buhay, at panitikan, na siyang dapat patunguhan ng mga agos na unang pinadaloy sa disyerto.[4]

May kumbersasyong naganap sa nauna't sumunod na kilusang pampanitikan sa katha, na ang *Sigwa* ay kinuha ang purposibong realismo ng *Agos*, dinagdagan ng magagamit na puwersa ng karanasan at programa ng kilusang mamamayan para lumikha ng kalitatibong pagbabago sa laman at porma ng kuwento na may panlipunang pagsisiyasat. Muling mabubuo ang isang kilusang pampanitikan sa kuwento sa pagbubuo ng Katha, grupo ng kabataang kwentista simula post-EDSA (1986) hanggang 1990s na humalaw rin sa best practices ng pagsusulat ng kuwento batay sa karanasan at akda ng *Agos* at *Sigwa*.

Sa Ricky sampler ng mga kuwento, matatagpuan ang anim sa pinakakilala sa kaniyang mga kwento at kung bakit natatangi siya bilang kuwentista sa panitikang Filipino. Ang modernistang estilo ng kuwento ang naisagawa ni Ricky sa simula ng kaniyang pagkukuwento noong maagang 1970s at napaunlad niya hanggang sa pinakahuli sa mga kuwentong nasa koleksyong ito, "Kabilang sa mga Nawawala" noong 1980s na naghuhudyat ng susunod niyang yugto na pagkukuwento kasama ang mga nobela na may experimentasyon sa postmodernistang pagkukuwento na lalabas sa susunod na mga dekada na may gaan, mas experimental, mas magical ang pagmumundo sa kahta. Modernista ito na hindi tulad ng realismong naturalista o panlipunan ng *Mga Agos sa Disyerto* at iba pang manunulat dahil kinukuwento niya ang pinapaksa na may kakaibang disenyong banghay (plot) na taliwas sa linearidad ng tradisyonal na realismong pagkukuwento: simula para isaad ang karakter, panahon at tagpuan, ang suliranin at mood, na susunod ang serialidad ng kaganapan (events) na hahantong sa rurok

4 Ibid, 56 at 57.

na sandali ng pagtutuos (reckoning), ang klimaktikong ganap na rurok ng katugunan sa lahat ng isinaad at dinanas ang karakter, at ang denouement o huling mga sandali ng pagbabalik-tanaw at pagbibigay ng final na resolusyon ng kuwento. Ito ang klasikal na Aristotlean model o sinasabing phallic na disenyo ng storytelling na parang lahat ay tungo sa sandali ng paghahanda sa paglabas ng similyang may ilang sandali pa ng paghahabol ng hininga, pagtunghay sa pawisang katawan, paninigarilyo, at pagbabalik sa isang normalidad matapos. Ang tradisyonal na realismong kuwento sa koleksyon ay ang "Pagtatapos" na inakda sa klasikal na pakikipagtunggali sa isyu ng paggamit ng kapangyarihan sa mga ordinaryong desisyon sa buhay na mababago dahil dito, iindain hanggang sa paglaki, at magiging hantungang bitag sa magaganap.

Ang storytelling ni Ricky ay hindi linear, at mas sinusundan ang sinematikong modelo ng pagkukuwento at paglalahad ng kaganapan na tila mga eksena sa pelikula. Gumagalaw ang mga eksena sa mga kaganapan sa kuwento na parang mata ng kamera, kumikilos, nagzu-zoom in o out, naka-frame na close up o long shot, at maging quick o long take ang eksena sa pamumukadkad ng mga detalye at pagkilos sa mga eksena. Kumbaga sa pelikula, ang pokus ng kuwento niya ay hindi lamang susing script kundi ang maayos na pagbubuo ng kuwento sa pamamagitan ng una, staging of the scenes (sinematograpiya itong elemento ng pelikula), pag-iilaw dito na tutunghay sa nais bigyang-pokus sa eksena, ang disenyong pamproduksiyon sa eksena at ang mga detalyeng langkap para paranasin ang historikal na sandali ng tagpuan at panahon, ang diskarte o akting ng mga tauhan ukol sa kanilang interaksyon sa sarili, kapwa at lugar, at ikalawa, ang kakaibang pamamahala sa editing na ang ilang siglo o sandali ng buhay ay humahaba o sumisikip dahil ang preperensiya niya ay ang manipulasyon ng panahon (time). Ang sinematograpiya sa pelikula ay manipulasyon ng espasyo ng kuwento at mismong mundo sa pelikula, ang editing ay orkestrasyon ng

panahon na puwedeng pahabain ang mabilis na sandali at paiikliin ang dekada o daan taong kasaysayan na marami ay ganito ang kuwento ni Ricky. May filmikong masteri si Ricky sa sining ng storytelling sa pamamagitan ng kaniyang masteri ng teknik at estilo ng pagkukuwentong may bisyon at treatment na pelikulang nagsasaliw ang panahon at espasyo sa bawat kaganapang bubuo ng solidong pelikula o kuwentong may substansya. Kumbaga sa pelikula, si Ricky ay ang mismong direktong na sinasaliw ang mga elemento ng filmikong storytelling para bigyan-diin sa dami nang inilalahad ang partikularidad ng bagay at kilos, at ang heneralidad ng lipunan at sangkatauhan na magbibigay-representasyon sa tauhan sa kaniyang mga akda.

Pero ang masteri sa sining ng pagkatha ay hindi lamang mga demonstrasyon ng nakamamanghang triple sommersault in the air pero nakaugat sa mismong paglapat ng modernistang teknik na hindi nagpapalayo sa mambabasa sa gaan ng syntax—oo, mabigat ang pinapaksa, mahaba ang mga kuwento kaysa ordinary, pero may gaan ang kaniyang gamit sa mga salita at ang pagkakahapit ng mga ito sa nais iparating—at ang materialidad ng pagkalapat ng mga salita para talakayin ang mga individual na suliraning may malalim at mahabang historikal na pagdanas. Ika nga ni Lumbera hinggil sa kuwentong "Si Tatang, si Ferdie, si Tandang Senyong, at iba pang mga Tauhan ng Aking Kwento," "Ang unang kapansin-pansin siguro sa 'Si Tatang' ay ang pangyayaring ang binigyang-diin ko dito ay ang maintindihan ito kaagad. Wala na ang malalabo at maliligoy na paraan ng pagsusulat ko noon. Di na baleng di malaman ng iba kung ito ay maikling kuwento nga o artikulo o talambuhay o reporting o documentary. Ang importante ay may mga sinasabi ako, at maintindihan ito ng babasa."[5] Ito ang panalo sa mga kuwento at akda ni Ricky, may dulas sa pagbabasa na ang mabigat gumagaan,

[5] Lumbera, "Notes," Servando Magdamag at iba pang Maiikling Kuwento ni Ricky Lee (Manila: University of Santo Tomas Publishing House).

ang mga salita, nakakapanghiwa ng diwa, at ang mensahe mananatiling nakaukit sa utak ng mambabaa.

Pero note sa mambabasa: spoiler alert mula rito. Sa kuwentong "Servando Magdamag," ang ilang siglong problemang agraryo, halimbawa, na hindi maresoresolba hanggang sa kasalukuyan bagkus umiigting pa nga sa kontemporaryong pagdanas ng urban migration at overseas contract work na may mala-*Autumn of the Patriarch* (1975 ang English edition ng Gabriel Garcia Marquez na akdang ito, so nauna naman si Ricky) na elehiya ng pagkaratay at pagkamatay ng ilang henerasyon ng panginoong maylupa na isang elehiya sa yugto na pinaglalamayan na ang nakaratay kahit hindi pa mamamataymatay at nagiging zombie pa nga sa patuloy na umiiral na sistemang ekonomiya sa bansa, maging sa relasyong kapitalista-manggagawa at sa financing at post-industrial na espero ng negosyo, ay mahinahong napaigsi ni Ricky gamit ang pokus sa huling lalaking anak na bigwas na ang pagkatao.

At kung gayong mabigat at mapanupil ang sistemang hindi mamataymatay at pumaloob na rin na iba pang sistemang politikal, ekonomiya at kultural, paano tatapusin ang kuwentong ito? Kung sa aktwal na lipunan ay hindi ito nareresolbahan ng baog na mga reporma sa lupang ipinapatupad ng gobyernong isinasaalang-alang pa rin ang pangunahing interes ng panginoong maylupa, at ang mga opsyon ng mga magsasaka ay pagpaloob sa inutil na repormang ito o mag-landgrabbing na kadalasan ay marahas ang panunupil, at ang pagtatapos nito sa mga elemento ng pulis-militar na representatibo ng panginoong maylupa, o mamundok, sumali sa NPA (New People's Army), ipaglaban ang tunay at rebolusyonaryong repormang agraryo at ang mismong rebolusyong magdudulot ng tunay na sistemang pagbabago, sa isang kuwento, akda at teksto ni Ricky, may pangungumbaba sa inilalahad na masibong problema ng bansa at mundo, at tulad ng kaibigan at partner sa pelikula niyang si Lino Brocka, ang bigat

ng problemang inako ng mga pelikulang may politikal na agenda at may pagtatangkang magbigay ng panlipunang komentaryo ay winawakasan ng isang dramatikong pusta (dramatic wager)—sa kuwentong ito, nasunog at matutupok ang mansion na representasyon ng inilahad na kuwento ng patriarkya at pyudalismo. Sa isang banda, kahit masunog itong mansion at maglaho ang angkan nitong panginoong maylupa, hindi naman nagtatapos ang pyudal na sistema dahil marami pa rin ang ibang panginoong maylupa, subdivision at real estate developers sa bansa. Sa kabilang banda, at marahil mulat dito si Ricky bilang mulat sa politika at sining, ang kuwento ay kathang-isip at sa paggawa nito, ang awtorial mediasyon sa imahinaryong pagtuldok dito—ang pagbibigay ng katapusan sa siglong pagpapahirap sa mayoryang mamamayang nasa ilalim nito, o ang lohikal na pagkatupok nito sa sarili nitong kalakaran—ay ang pusta ng manunulat sa paksa at isyung kaniyang inilalarawan sa representasyonal na tauhan ng pribilehiyadong iilan. Hindi ito Amorsolo painting ng matiwasay at masayang pagtratrabaho sa bukid ng mga magiliw at nakapustura pa ring magsasaka, hindi ito bahala na ang susunod na henerasyon na aako ng problema at resolusyon ng lipunan tulad ng problema sa modalidad ng panlipunan at historikal na pagbabago sa tandem na nobela ni Rizal na *Noli* at *Fili*, o hindi ito ang nagtatagong sosyalistang nobelang *Banaag at Sikat* (1906) ni Lope K. Santos, at hindi na rin ito ang nihilistikong pagtatapos ng mga kuwento at nobela ng henerasyong *Mga Agos sa Disyerto* na pagkasadlak sa walang katapusang pighati tulad sa pagpatay ng karakter ng kasamang Tata Selo kay Kabesa dahil hindi lamang kinamkam ang kanilang lupa, ginahasa pa ang anak na nanilbihan sa tahanan nito bilang bayad-utang. Sa simula at pagwawakas ng kuwento ay nananatiling nasa piitin ang kasama, nananaghoy ng kaniyang walang katapusang hinagpis. Tandaan lamang din na kahit sa *Mga Agos sa Disyerto* ay may mga tauhang nanlaban bilang pusta sa kaibang hinaharap, tulad ni Impeng Negro, isang kuwento ng bullied na mixed African Pinoy na bata na nanlaban sa umaabuso sa kaniya at nagtagumpay, nakataas-kamao sa

kalangitan habang natunghayan ang eksena ng mga usiserong kapitbahay sa urban poor community.

Sa pustang ito ni Ricky, may timyas ng pag-asa tulad nga sa mga pelikula ni Brocka kahit pa masasabing hindi politically correct ang rekurso ng kanilang karakter sa mga ending. Kung ikukumpara ito sa neorealismo ng indie cinema simula 2005—"a day in the life of" ng karakter na nakalubog sa kumunoy ng kahirapan at magtatapos sa denouement na life goes on, walang gaanong ingay, tahimik ang pagbabagong hindi na mababalikan ng pangunahing tauhan—mas abanteng politikal ang dramatikong pusta nina Ricky at Lino, dahil may isinasaad na problematikong ahensya ng individual na tauhang madalas ay hindi hapit sa politikal na linya ng kilusan, dahil mas may tindig ng potensyalidad na mabago ang hindi mababago-bagong sistemang kalakaran. Hindi tulad ng maraming poverty porn at indie films na may pabalat-bunga at seryosong pagtalakay sa kahirapan, ang napakahalagang wakas ay dinadalumat lamang sa pagpapatuloy ng nagbagong nilalang na dahil sa kasadlakan ay hindi makakatiwalag at mas may hina ang asersyon ng individual na ahensya. At least, sa kuwento ni Ricky, nasunog at matutupok ang mansion at mamamatay ang huli sa henerayon ng panginoong maylupa o sa aktwal na realidad, may mga angkan din ng dating panginoong maylupa na sa dekadenteng buhay ay natupok din ang yaman o hindi matagumpay na nakapagmodernisa ng kanilang kalakaran sa hacienda. Alam ni Ricky, tulad ni Brocka, ang kanilang target audience—sa kaso ni Ricky, ang kapwa peti burgesya at gitnang uri at ang mulat nang maykayang uri na magkakaakses sa kaniyang akda. Ang libro ay gitnang uring komoditi, ang pelikula hanggang sa 1990s ay popular na libangan na pumaling sa pagiging gitnang uring karanasan nang magmahal ang presyo ng tiket para sa isang scheduled screening lamang, at na-digitize ang pagpapalabas para sagkaan ang piracy. Pero sa global na krisis ekonomiya noong 1970s hanggang 1980s, Asian financial crisis noong 1997, at U.S. sa pangunahin na krisis noong 2008, maging sa global na pandemiko ng 2020s, ang libro at sine ay non-essentials.

Naalaala ko noong nagtuturo ako ng panitikan ng Pilipinas bilang part-timer sa Ateneo de Manila University. Natalakay namin ang problema sa lupa sa ilang panitikang akda, at nang maganap ang Hacienda Luisita massacre noong Nobyembre 2004 na napatay ang pitong magsasakang nasa piketlayn, ipinalabas naming mga guro ang dokumentaryong *Sa Ngalan ng Tubo* (Tudla Productions, 2004). May lumapit sa aking estudyante matapos ng palabas at diskusyon, sinabing hindi patas ang pelikula dahil panig lamang ng magsasaka ang tinalakay, hindi raw ipinakitang may baril din ang magsasaka. Nagulat ako dahil ang kalakhan ay bagabag at umiiyak palabas ng UP Film Center at dahil na rin maiinit pa ang isyu ng pagpaslang. Sumagot ako,"Bakit walang nabaril sa hanay ng pulis at militar?" Natuklasan ko na kasapi pala ng angkang Cojuangco ang estudyante na nagmamay-ari sa hacienda at naisip ko, at least, natinag siya, at least mapapagkuwentuhan man lamang nila ang palabas o presensya ng pelikulang umuusig sa kanilang angkan kahit paninindigan pa rin nila ang taliwas na sistemang nagdulot ng talamak na tubo at yaman sa kanila. Para rin itong wish projection sa mga tumatanda at matatandang tiranong walang pinagkatandaan, ang popular na panalangin na sana ay mamatay na sila kahit wala namang kongkretong batayan para mangyari ito (sa kaso ni Marcos, ang mga tsismis hinggil sa kaniyang malubhang sakit ay matutuklasang totoo pala matapos itong mapatalsik). Dahil unbearable na ang kanilang paghahari, lalo na sa pandemikong lockdown na pinakamahaba at istrikto sa buong mundo, gayong wala namang pangunahing medikal na tugon ang pambansa at mga lokal na pamahalaan. Sa pandemikong lockdown, sa kondisyong bawal ang dating protestang pagkilos o hindi makalahok sa social distancing protests sa reclaiming ng mga kalsada at sityo ng siyudad, ano pa ang maiisip na rekurso o saglit ng ginhawa o pag-resbak sa may kapangyarihan kundi, sana mamatay ka na. Hindi angkop, hindi politically correct, hindi lohikal pero sa utak at imahinasyon ng mga individual at grupo, ang imahinaryo ng pagtuldok sa talahamak sa kapangyarihan at kultura ng impunidad, ang

pantasya ng kamatayan at pagtuldok sa abusadong kapangyarihan ay sityo ng pagtatalaga ng individual na politikal na ahensya "in the meantime" na hindi pa lubos itong maehersisyo, mapraktis, maensayo at maisakatuparan. "In the meantime" o habang hindi pa nangyayari o wala pang pagbabagong mangyayari, ang mga rekurso muna nina Ricky, Lino, Ishmael Bernal at maging si Lav Diaz at Neil Doloricon sa sining Biswal, at Kerima Lorena Tariman sa panulaan ang titindig bilang substitute, proxy, stand-in sa aktwal na rebolusyonaryong pagbabago at sosyalistang transpormasyon ng sistema at ng sining ng mga manunulat, artista, intelektuwal, peti burgesya, ng mamamayan at sambayanan.

Lahat ng kuwento sa koleksyon ay mula sa bukal ng trauma na dinanas ng individual at sa sistemang nagpadanas sa individual. Ito ay mga kuwento ng mga negosasyon at pag-agapay (making do) sa trauma hanggang makahanap ng daluyang magbibigay-rekurso para sa antas ng individual na representatibo ng sistema, matuldukan sa kuwento man lamang ang traumang lampas sa tauhan, individual o mamamayan, ang traumang dulot ng pagkakaroon ng ganitong gobyerno, ng ganitong lideratura, ng ganitong may labis na yaman at kapangyarihan, ng ganitong bansa. Kaya nga "only in the Philippines" na ang eksepsyonal ay nagiging normatibo, na ang trauma ay nanonormalisa sa pang-araw-araw, na ang pasakit at pighati ang pagdanas sa buhay, na ang absent na pamamahala ng gobyerno o direktang laban ng gobyerno sa sariling mamamayan ang karagdagang pagpapahirap sa bawat isang buhay sa bawat araw ng buhay ng mga ordinaryong mamamayan. Sa pagtampok sa kanila sa panulat, akda, panitikan at sining, ang ordinaryo ay nagiging ekstraordinaryong buhay at pagkanilalang binubura, binubusalan, pinipipi ng sistema. In the guise na that thing called tadhana, ang paghihirap ng mayoryang naghihirap noon at ngayon ay ipinapasakamay ng gahum na sistema sa mismong mahihirap.

Ang estilo ni Ricky sa pagkukuwento ay maglahad ng pangunahing tauhang nasa laylayan, mga hindi popular, mga anti-social, tulad ng inutil at walang kasunod na anak ng huling panginoong maylupa sa "Servando Magdamag," ng desaparecido o sapilitang dinakip at winala sa "Kabilang sa mga Nawawala," ng may isyung salutatorian sa naging valedictorian at gurong pumili nito kahit pa natapos na ang high school sa "Pagtatapos," ang talunang lider ng milenaryong kilusang humahangos sa Malacañang, kinulong sa Mental Hospital at misteryosong namatay, ang kasama nitong matandang survivor ng masaker sa palasyo, at ang kasama ng narrator karakter ang isang pribilehiyadong maykaya sa peryodiko sa "Si Tatang, si Freddie, si Tandang Senyong, at iba pang mga Tauhan ng Aking Kuwento," ng trajikong bugbog at inaping paslit ng naulilang anak ng magsasakang inampon ng dalawang matatandang panginoong maylupa sa "Dapithapon ng Mesiyas," at ang minoyrang Tsino sa bansa at ang kuwento ng kanilang migrasyon at pagtatangkang manirahan at mamuhay rito nang hindi lubos na nagtatagumpay sa "Huwag! Huwag mong Kuwentuhan ang Batang si Wei-Fung." Bagamat hindi magkakapantay ang posisyonalidad sa lipunan, ang mga tauhan sa mga kuwento ay bahagi ng mga subalternong uri at karanasang hindi pa lubos na natutunghayan sa estilong gamit ni Ricky sa panitikang Filipino. Sa apat sa mga kuwento, tampok ang mga matatandang tauhan na matriarch at patriarch na representatibo ng sinaunang panahong hindi matapostapos, patuloy na nagdudulot ng pahirap sa iba pang tauhan. Paliligiran sila ng cast at kay bibigat na subplots ng iba pang trajikong pigura – mga multong nagpaparamdam sa kanilang laylayan, ng abused na bata, ang nambubugbog na transwoman na performer ng cheap segments sa isang cheap na bar, ang valedictorian that never made it, ang matandang surivivor ng masaker na bitbit ang bigat ng trauma, ang mga anak na Tsino sa Filipinas na naging mala-mala ang pagkatao—hindi lubos na Tsino at hindi rin lubos na Pinoy. Hugot ang marubdob na kaganapan sa melodrama na sa pangunahing tauhan pinapapasan ang bigat ng mundo, na ang lahat ng

puwedeng magpabigat sa kanyang buhay ay magaganap and more. Dahil sa huli, kailangan nilang patunayan ang kanilang moral worthiness, na ang bida ay kayang lampasan ang moral turpitude. Pero sa maraming pagkakataon, hindi tulad ng melodramang bida sa radyo, telebisyon at pelikula, sa mga kuwento ni Ricky, hindi sila nakakalampas sa bagyo, nasasalanta sila sa pinakamaharas na pagtatapos. Sa anim na kuwento, dalawang mansion ang masusunog, lahat ay may pangunahing tauhan na mamamatay na tila pasok sa nihilismo ng panlipunan at historikal na sitwasyon at predikamento ng mga tauhan at kaganapan, hindi ba?

Pero sa estilo rin ni Ricky, papasok ang instrumentalisasyon – o sa termino sa kultura ng impunidad, "weaponization" ng lahat sa arsenal ng kapangyarihan na magagamit kasama ang mass subpoena at arrest, red-tagging, fake news, trolling, harassment ng midya, pag-igting ng pagpaslang sa mga aktibista, katutubo, environmentalist, abugado, hukom, magsasaka at politikal na aktibista – ang impit na paggamit sa dalawang pampanitikang teknik. Una, ang meta-fiction o ang pagkukuwento tungkol sa kuwentong binubuo, maisusulat, malalathala at mababasa natin na may self-referentiality sa pabalat (artifice) at kalakaran sa proseso ng pag-akda, paglikha, pamumuhay at pagkamamamayan. Hayag na matutunghayan ito sa "Si Tatang…" na ang proseso ng pananaliksik, pagiging peryodista at unyonista, pagsulat, paglathala ng diyaryo ay umaakda ng memorial sa karanasan hindi lamang ng mga tauhan, maging ng karanasan sa proseso ng paglikha at pagkalikhang matutunghayan at matutugunan ng mambabasa. Sa pagpiling "patayin" ang mga pangunahing tauhan ay isa ring taktika sa meta-fiction writing na ang nagkukuwento at ang natutunghayan ng mambabasa sa akda ay patay na. Literal na the author is dead, at lumilinaw rin ang higit na ahensiya ng aktuwal na manunulat na nag-ihinyero ng kalakaran sa kuwento at pagkukuwento para sa higit ang puwersa kundi man diin sa panlipunan at politikal na komentaryo. Hindi lamang ito mga tauhang representatibo

ng mga tinig mula sa ibaba kundi literal na tinig ng mga tauhang nasa ilalim na ng lupa. Ang meta-story ay hindi lamang mas hayagang paglalahad ng arkitektonika ng kuwento, pagkukuwento, pag-akda at paglikha ng sining, kundi malay na layon din ang lumikha ng mas dinamikong relasyon ng akda sa manunulat at mambabasa.

At dahil ito ay kuwento ng tauhang representasyonal ng mas malaking isyu sa loob at labas niya, ang meta-story ay higit na paggaganyak sa manunulat na pumusta sa komentaryong pampanitikan at panlipunan nais niyang iparating sa mambabasa, mas malaki ang ipinupusta niya. Sa panig ng mambabasa, mas panghihikayat na pumaloob sa kuwentong ipinapakita, hindi lamang ang naratibo nito, kundi ng pagkatagni-tagni ng mga bahaging bumubuo ng kuwento, at kung gayon, mas nakakapasok siya sa kuwento, sa narrative quest ng tauhan, nakakabuo ng empathy sa pinagdaanan at kahahantungan nito, at kung magpakaganito, mas malaki ang pagtaya niya sa proseso ng pagbasa dahil mas malaman kundi man mayaman ang kanyang takeaway sa akda at sa sining. Parehong may attachment sa tauhan, kaganapan, kuwento at paglikha ang manunulat at mambabasa dahil pareho silang may investment (so capitalist ang term) o wager (so gambling o POGO) o pagtataya sa proseso ng pagsulat at pagbabasa bilang proseso ng paglikha ng kahulugan, pagmumundo ng kontraryong mundo ng may kapangyarihan, pagtataguyod ng kontraryong pagkamamamayan at pormasyon at transpormasyon ng pagsasabansa.

Ang ikalawang teknik ni Ricky sa estilo ng storytelling ay ang pagmobilisa sa aria, apila, panalangin (prayer), panawagan, call to action, our urgent task na mensahe sa ending. Ito iyong denouement niya, na imbis na ibalik ang mambabasa sa normal ng antas bago magbasa ay huling hirit at papitik sa kapangyarihan. Swabe ang pagpasok nitong tindig laban sa mabibigat na litanyang sinasambit at minumundo sa mga kuwento—nakakagaan ng loob kahit masama ang nangyari, may optimismo dahil

nananatiling naninindigan ang tauhan na igpawan ang kanilang pagkasadlak sa abang predikamento sa lipunan. Hayag ito sa dalawang kuwento. Sa "Si Tatang...," ito ang kumbiksyon ng persona at karakter ng kuwento nang pagkatuto sa nangyari sa kanila, pagkaunawa sa mas malaking kalakaran ng sistema, ang kanilang kaapihan at ng mga ekstraordinaryong ordinaryong mamamayan nakasalumuha niya, ang pangangailangang mabago, ang pangangailangang lumaya hindi lamang ng tauhan kundi nang lahat ng inaapi:

> At nagpatuloy kami ng paglalakad, pabalik sa aming mga kasamahan sa headquarters, apat na taon na sa pagkamulat at maaaring di na muling makakita ang Tatang at Tandang Senyong at ng gaya nilang mga tauhan ng aming kuwento–mga tauhan din ng aming pagkamulat–sa madaling araw ng beinte uno ng Mayo sa aming paglalakad sa mga kalsada ng Pasay pero panatag na ang aming loob, panatag na ang aming loob sa pagkaunawang nagsimula na, napakaganda't nagsimula na, bilang mga manunulat, ang aming paglaya.[6]

Sa "Kabilang sa mga Nawawala" naman, ang aria ng anak na naging multo, naging desaparecido na naghahanap sa kaniyang labing pamilya hanggang sa unti-unting maging tao muli, makita ang kaniyang inang NPA at sa biglaang engkwentro sa militar ng mga kasapi ng NPA, ang pagsangga niya sa bala para sa kaniyang ina, at sa sandaling nagkita sila, nagwakas agad, namatay ang kaniyang katawan pero hindi ang pagiging desaparecido na patuloy na mabubuhay sa lahat ng inaapi at lumalaban, patuloy na maninindigan, maniningil hanggang sa tagumpay:

---

[6] Ricky Lee, "Si Tatang, si Freddie, si Tandang Senyong at iba pang mga Tauhan ng Aking Kuwento," ibid.

May isa pa akong pinaniniwalaan. Hindi nawala si Jun-Jun. Sa kuwarto kapag pinagmamasdan ko ang gitara ay naririnig ko ang tawa niya. Maraming kumakalat na balita. Si Amy daw kapag nasa engkwentro minsa'y napapatigil, parang naramdamang sa tabi'y may tumutulong. At ang mga sundalo, sa mga kampong kung saan may pang-aapi at karahasan, minsan daw ay bigla silang nakakarinig ng isang kumakanta ng rebolusyonaryong kanta. Mapapatigil sila, iisiping pinagmumultuhan na yata sila ng lahat ng inapi at pinatay. Saka takot na magtatakbuhang palabas habang sa loob ay maririnig ang mahinang tawa ng isang tao. At sa mga rally ng mga tao laban sa pang-aapi, sa martsa ng mga kamag-anak ng mga desaparecido, sa mga noise barrage laban sa lahat ng bagay na nagpapaging hindi tao sa tao, ay may naririnig daw silang boses na dagdag sa mga boses nila, yabag na dagdag sa mga yabag nila, at alam ng mga naniniwala sa kanila kung kanino iyon.

May pruweba ako sa lahat nang ito. Si Jun-Jun, sa Walkman, boses lang, walang katawan. Di tayo titigil, Gene, hangga't di lahat ng nawawala ay naibabalik.[7]

Kaya sa bigat ng pinagdaanan at kinahantungan ng tauhan, sa mga kaganapang litanya ng pagdurusa at pag-iimbot, may rekurso sa politika ng pag-asa ang ending ng mga kuwento. Sa iba pang kuwento, itong aria ay sa paraan ng pagkasindak sa pangunahing tauhan, dramatiko ang kinahantungan sa ending pero hindi lubos na tanggap gayong hindi rin lubos na malabanan ang kaganapan. May pagninilay na memorialisasyon sa mga buhay ng subalternong tauhan, madalas ay nakaratay, nasa yugto ng

[7] Lee, "Kabilang sa mga Nawawala," ibid.

pagkamatay at ang kuwento ay gamit bilang memorialisasyon sa silang hindi matutunghayan ang kinabukasan. Panalangin din ang ganitong paggunita na inakda sa mga kuwento ang mga nalaglag sa sistema at sa ating mambabasa na magpursigi to do otherwise.

Kailangang isakonteksto ang bukal ng politikal at panlipunang kamalayang unang pinagtampisawan niya noong huling 1960s at maagang 1970s, pinagbabaran at pinaghalawan ng tindig ni Ricky bilang manunulat at mamamayan hanggang sa kasalukuyan. May mga nauna't kasabayan si Ricky sa pag-agapay sa nagbabagong panunuri sa lipunan at politika noong panahong iyon at ang materialistang pandaigdigang pananaw at panunuri hinggil sa malakihan at maliliit na kalakaran sa pang-araw-araw. Sa sinulat muli ni Bien, mentor at kaibigang matalik ni Ricky, na sinuri ang konsepto ng tadhana ng mayoryang mahihirap sa popular na programang panteleblisyon na *John en Marsha* (1973-1990) ukol sa pamilya ng mag-asawang ang lalaki ay mahirap (Dolphy) at ang babae ay maykaya (Nida Blanca) na ang bawat episode ay nagwawakas sa sermon ng biyenang babae (Dely Atay-atayan) ng babae sa lalake, "Kaya ikaw, John, magsumikap ka…":

> Sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig, hati ang lipunan sa dalawang bahagi. Bunga ng kolonyalistang pagsasamantala ng malalaking bansang naghahari sa mga ito, ang nakararaming mamamayan ay nakakadena pa sa pagsasaka at patuloy pa ring binibiktima ng kamangmangan. Ang maliit na hati ay kinabibilangn ng mga taong edukado at nakakariwasa kaya't sa kanilang hanay nanggagaling ang mga pinunong humahawak ng kapangyarihan sa bansa. Sila ang madalas magreklamo sa mabagal na pag-usad ng nakararami tungo sa pag-unlad. Kasama na sila sa dapat paalalahanan na ang pag-unlad ng mamamayan ay di naisasakatuparan ng matiyagang pagpapasya lamang, kailangan lalo't higit ang pagbubukas sa

nakararami ng mga pagkakataon sa kasalukuyang kaayusan ng lipuna'y sila ang tanging makapagbibigay.

[...] Noong nasa ilalim pa ng pananakop ng mga Espanyol ang Pilipinas, naging akusasyon ng mga prayleng kontra-indio ang di-umano'y katamaran ng mga Pilipino. Binaka ni Rizal ang akusasyon sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa ugat ng sinasabing katamaran. Sinasabi niya na kaya tila walang-kusa ang mga Pilipino ay sa dahilang hindi sila ang nakikinabang sa bunga ng anumang pagsisikap nila.

[...] [M]arami sa mga kababayan natin ang walang mapapasukang katulad ni John pagka't hindi sila nakapagtapos ng grade school o ng high school. Para sa kanila, ang payo ni Dely ay hindi angkop, pagka't talaga namang nagsusumikap sila sa pag-aararo at pagtatanim o sa pamamasukan sa pabrika at pagpapatulo ng pawis. Ang kailangan nila ay tulong mula sa pamahalaan o sa mga organisasyon sibiko upang buwagin ang 'tadhanang' hadlang sa kanilang pag-unlad.[8]

Kapansin-pansin na walang pagbanggit si Bien sa kilusang masa dahil nga sa panahon ng pagkalathala, ang matinding represyon at pagbabawal na magprotesta, underground ang pangunahing larangan ng pagkilos. Dagdag pa, ang magasin na pinaglalabasan ng mga artikulo ay publikasyon ng Research & Analysis Center ng Department of Public Information na nagsasaad ng towing the line sa pagbatikos sa batas-militar, sa mag-asawang Marcos, at sa pagbanggit ng kilusang mamamayan.

---

8 Lumbera, "Ang Tadhana at ang Pagsusumikap ni John," Sagisag: Ang Magasin ng Pilipino (Maynila: Research & Analysis Center, Department of Public Information, Nobyembre 1975), 5 at 6.

Maaring ihalintulad ang tinatangkang gawin ni Ricky, ng kahenerasyon niya at ng mga kahenerasyong sumusunod sa kanilang mga manunulat at artista sa matuwid na pagkalinga at mahigpit na paggagap sa kasaysayan at sa interseksyon ng nakaraan sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ayon sa rebyu ni Valerio L Nofuente ng *The Philippines: A Past Revisited* ni Renato Constantino (Quezon City: Tala Publishing Service, 1975), ang isinasaad sa kasaysayan ay maaring ituhog pati na rin sa kasaysayan sa panulat, panulat sa pagsaysay ng kasaysayan, at pag-uugnay ng panulat sa pag-aaral ng kasaysayan:

> Kailangan ng walang-takot na pagtataya sa kasaysayan upang mapalaya na ang ilang Pilipino na musmos na pagkabilanggo sa pangarap ng kadakilaan ng ating nakalipas. Nangangahulugan na kapag nangyari na ang pagkawasak na ito ng mga lumang pananaw at napalitan ng bago, nagbago na rin ang kalagayan ng mga dinamikong pwersa at institusyon sa lipunan. At sa pagbabagong ito, maaring mangahulugan lipas na rin ang aklat na ito ni Constantino at panahon na upang sumulat ulit ng kasaysayan sa bagong pananaw na hinihingi ng bagong kalagayan ng lipunan.[9]

Ang idinidiin ni Nofuente sa historiograpiya at ng mga akda ng manunulat na kasabayan ni Ricky ay ang paglapat ng historikal at materyal na dialektika na magtitiyak na paratihang nakapaloob at nakapalabas ang kasaysayan sa mundong kinikilusan ng representatibong tauhan sa panitikan at ng mayoryang mahihirap sa aktwal na lipunan. Hindi dapat burahin ang kasaysayan dahil ito ang nag-aangkla ng materialidad ng kamalayang

[9] Valerio N. Nofuente, "Kasaysayan sa Pananaw ng Masa," Sagisag: Ang Magasin ng Pilipino (Maynila: Research & Analysis Center, Department of Public Information, Setyembre 1975), 52.

nakapagsaad kung ano, bakit at paano kumikilos ang mga tauhan at ang mga mahihirap.

Kung si Constantino ay umakda ng kasaysayan para sa mga masang inaaping hindi nakapagsalita o nabigyan-tinig sa kasaysayan, si Ricky ay nakihalubilo sa kaniyang mga sabjek ng kuwento. Sa ibang personal na sanaysay at feature sa librong *Si Tatang at iba pang Himala ng Ating Panahon at iba pang Koleksyon ng mga Akda* ni Ricky Lee,[10] maraming subalternong tao ang inilahad, binigyang-buhay, binigyang-tinig, binigyang-espasyo. Mahalaga sa kaniya ang pakikisalumuha at pakikipagkapwa bilang lunsaran ng kaniyang panulat. At kung gayon, may paglahok ang sabjek sa pagkukuwento at sa pag-akda ng mabubuong kuwento o sanaysay. At malinaw rin naman ang posisyon ni Ricky bilang manunulat at posisyonalidad bilang nakikipagkapwa—may limitasyong mapabuti ang lagay ng kaniyang sabjek na kaniyang isinusulat, madalas nga in retrospect na lang na may ibang nangyari na sa mga tao—pero tulad ng mga tauhan sa kaniyang kuwento, may nakalathalang ebidensya na namuhay ang mga ganitong partikular na tao, representasyonal ng paghihirap at kahirapan ng mayoryang mahihirap, at nagsasalita mula sa ibaba para hindi makalimutan, para hindi tayo makalimot sa patuloy na pag-igting ng paghihirap at pandudusta, na ang representasyonal na pigura sa akda ay ang normal sa bansa. Maihahalintulad ang ganitong estilo sa panitikan sa new journalism na unang nakinang at hindi pa nalalampasang obrang *Days of Disquiet, Nights of Rage: The First Quarter Storm and Related Events* ni Jose F. Lacaba,[11] isa pang kasabayan ni Ricky, na coverage ng makasaysayang kaganapan na kahit maikling panahon ay nabago ang direksyon ng buhay ng mamamayan at bansa at sa estilo ng peryodismo sa bansa.

---

10 Lee, Si Tatang at iba pang Himala ng Ating Panahon at iba pang Koleksyon ng mga Akda ni Ricky Lee (1988).

11 Jose F. Lacaba, Days of Disquiet, Nights of Rage: The First Quarter Storm and Related Events (Manila: Salinlahi Press, 1982).

Nagsusumikip ang kuwento ni Ricky dahil sa litanya ng mabibigat na kaganapang dagdag sa pagdurusa sa mga tauhan. Minumundo ng kaniyang kuwento ang nagsusumikip at hindi makahiyaw na kwento at tinig ng mga nasa laylayan. Nagkakaroon ng espasyo ang kuwento at pag-eespasyo sa kuwento ng mga subalternong tauhan, ang kanilang mundo ng karanasan bilang ating mundo ng kahalintulad na pagdanas. Pero hindi emosyonal at mabigat ang hamig ng paglalarawan kundi gaan sa kabigatan at ang kakanyahan ng mga tauhan na masaksihan, lumahok, maging biktima sa kanilang pagkasadlak sa naratibo, maging pampanitikang ebidensya at alaala ng representasyonal na paghihirap sa bansa. Kahit pa ang kuwento ng mga tauhan ay kuwento ng mga mamamayan at pagkamamamayan, ang modalidad ay ang paghahanap ng timyas ng pag-asa at paglaya sa nagsusumikip na mundo sa katha at realidad.

Kung tutuusin, si Ricky ay isang public intellectual—meron bang ibang uri ng intelektuwal kung wala itong praxis sa panulat at pakikilahok sa kilusan? —dahil sa mas malawak ang naabot nitong mambabasa, manonood at mamamayan gamit ang iba't ibang plataporma ng sining at midya para sa kaniyang calibrated na politikal at panlipunang mensaheng nais isaad sa mga tumatangkilik ng kaniyang akda. Aktibo siya sa pakikisalumuha sa ordinaryong tao at sa organisadong kilusan para sa pagbabago. Patuloy siyang kumakalinga sa mga kasabayan, nauna at mga susunod na henerasyon ng manunulat at aktibista. Maging kami sa grupong Katha ay nakasama siya sa workshop, nagbigay ng magagamit na gabay sa panulat at inspirasyon sa pagpapatuloy magsulat na siyang tumulong magluwal ng aming henerasyon ng manunulat. Ang kaniyang mga akda ay nakikipag-usap at nakikipagtunggali sa nauna sa kaniya at sa kaniyang henerasyon. Nakapag-ambag siya at patuloy na nag-aambag sa balon ng mga malikhain at kritikal na tugon sa mga kaganapan sa lipunan at bansa, na ang mga manunulat, artista, intelektuwal, manggagawang pangkultura ay partisano

kung kaninong interes ito nagsusulat at lumilikha, at para kanino at saan ang kaniyang akda, paggawa at paglikha. Historikal ang mga kuwento niya, lubog sa pwersa ng kasaysayan ang mga tauhang pangkaraniwang dumaranas ng pinakamahapding latay sa hagupit nito, at may materialidad ang pagdanas ng mga tauhan na nakaangkla sa aktwal na pagdanas ng kaapihan at kawalan-magawa o paglaban ng mayoryang mamamayan. Hindi lumimot si Ricky, hindi nakakalimot. Ito ang konkretong pundasyon ng pag-akda ng katha at sining, pagkatha at paglikha ng akda ni Ricky.

#NeverAgain #NeverForget.